

LIFE IN FUKUOKA!

2026
3
March

Hello!

Welcome to
福岡
FUKUOKA

福岡市
FUKUOKA CITY

Tagalog ver.

Paraan ng Pagtatapon ng Basura

Sa Fukuoka City, may patakaran sa pagtatapon ng basura.

Bumili ng 3 uri ng garbage bag ng Fukuoka City. Binibili ito sa mga convenience store at supermarket.



Nasusunog na basura

Di-nasusunog na basura

Boteng walang laman/ PET bottle

May nakatakdang araw na maaaring magtapon depende sa uri ng basura. Itapon ang basura mula sa paglubog ng araw hanggang 12:00 ng madaling araw. May itinalagang lugar para sa pagtatapon ng basura sa lugar na iyong tinitirhan.

Ang mga detalyadong patakaran ay makikita mula sa QR code sa likurang bahagi.

Paunawa Huwag magtapon ng mga bagay na maaaring maging sanhi ng sunog. Mga spray can at gas canister na may laman pa. Mga produktong gumagamit ng lithium-ion battery, atbp.

Pagkonsulta Ukol sa mga Bagay na hindi Maintindihan

Fukuoka City Consultation Support Center for Foreign Residents

Tumatanggap kami ng iba't ibang konsultasyon na may kinalaman sa pamumuhay, tulad ng mga proseso sa paninirahan, trabaho, serbisyong medikal, kapakanan, panganganak, pagpapalaki ng bata, edukasyon ng bata sa pamamagitan ng personal na pagharap, telepono, o online, at nagbibigay din kami ng impormasyon at gabay sa mga kaugnay na ahensya. Nagbibigay ng konsultasyong ligal mula sa mga eksperto, atbp. *Kinakailangan ng reserbasyon

0120-66-1799 libre



24
na wikang
sinusuportahan

Call Center para sa Medikal na Tagasalin ng Fukuoka City

Maaari kang gumamit ng telephone interpretation kapag maghahanap ng ospital, makikipag-usap sa doktor sa ospital, o tumatanggap ng gamot mula sa ospital o botika.

092-733-5429 libre

20
na wikang
sinusuportahan

Suriin ang mga Administratibong Proseso ng Fukuoka City

Matapos mapunta sa translation center, i-kokonekta kayo sa ward office. Sabihin ang inyong address at ang nilalaman ng konsultasyon.

092-753-6113

23
na wikang
sinusuportahan



Mga patakaran sa bisikleta

1 Mga bawal na paraan ng pagbibisikleta

Pagmamaneho nang nakainom ng alak	Gumamit ng cellphone	Magkatabing pagbibisikleta
Gumamit ng payong	Gumamit ng headphones	Dalawang taong pagsakay



2 Mga lugar na pwedeng iparada ang bisikleta

Kung magpaparada ng bisikleta, iparada ito sa itinalagang paradahan ng bisikleta. Ang mga bisikletang nakaparada sa kalsada na hindi paradahan ay itinuturing na "inabandunang bisikleta" at aalisin. Kapag may inabandunang bisikleta, mahihirapan ang mga pedestrian at mga gumagamit ng wheelchair na dumaan sa kalsada.



Mapa ng paradahan ng bisikleta

3 Tungkol sapag-alis ng mga inabandunang bisikleta

Ang mga inalis na bisikleta ay dadalhin sa imbakan ng mga bisikleta. Makikipag-ugnayan kami kapag natukoy namin kung sino ang may-ari ng bisikleta. Ang mga bisikletang hindi nakuha isang buwan matapos dalhin at iimbak ay idi-dispose. Kapag kukunin ang inalis na bisikleta, kailangan magbayad ng 2,500 yen bilang bayad para sa paglipat at pag-iimbak ng bisikleta.



Tungkol sa mga inalis na bisikleta

Paunawa Kung hindi mo susundin ang mga patakaran kapag nagbibisikleta, maaari kang arestuhin, pagbayarin ng multa, o kunin ang iyong bisikleta.

Tungkol sa medical insurance • Buwis

Tungkol sa medical insurance

Ang lahat ng naninirahan sa Japan ay dapat mag-enrol sa "health insurance". Kung ikaw ay may insurance, magiging mas mababa ang iyong gastusing medikal, at kung wala naman, magiging mas mataas ang iyong gastusing medikal.



Buwis

Ang buwis ay ginagamit para sa pamumuhay ng lahat (tulad ng pagpapaunlad ng komunidad o pagbibigay ng multilinggwal na suporta, atbp.) Kung dumating no ang iyong notice of tax payment, mangyaring bayaran ito sa mga convenience store o sa mga bangko. Makakapagbayad din sa pamamagitan ng mobile payment o credit card.



Notice of tax payment Panahon ng pagdating

Ang para sa Local Inhabitant Tax ay sa bandang Hunyo 15
Ang para sa Light Vehicle Tax ay sa bandang Mayo 15

Paunawa Maaaring magkaroon ng problema sa pagrerenew ng residency status o kaya maaaring kumpiskahin ang inyong mga pag-aari kung hindi magbabayad ng tax.

Mga patakaran sa paninigarilyo sa Fukuoka City

Sa Fukuoka City, may mga lugar na bawal manigarilyo.

Huwag manigarilyo habang naglalakad o nagbibisikleta. Lalo na sa Tenjin district, Daimyo district, at sa paligid ng Hakata Station, kung saan ipinagbabawal ang paninigarilyo sa kalsada. Pagkatapos manigarilyo sa labas, huwag itong itapon sa lupa, sa halip ay itapon ito sa ashtray o sa tamang lagayan.

RULES



Tamang asal sa Japan



Maging maingat sa ingay

Bigyang-pansin ang lakas ng iyong pakikipag-usap at musika, at magsalita nang mahina, lalo na sa gabi.

Huwag maging sagabal sa trapiko

Huwag maging sagabal sa ibang tao sa mga pampublikong lugar (sidewalk, atbp.)



Buhay sa Fukuoka City

Japanese Class Map

Maraming klase sa Nihongo na isinasagawa ng mga boluntaryo sa loob ng Fukuoka City. Hanapin ang pinakamalapit na klase sa Nihongo gamit ang "Japanese Class Map" Huwag mag-atubiling kumuha ng lecture!



Pagtuturo ng Nihongo sa Fukuoka City

Ang ilang mga elementary school at junior high school sa Fukuoka City ay may mga klase para sa mga batang nangangailangan ng pag-aaral ng wikang Hapon. Kahit ang mga batang hindi naka-enroll sa mga paaralang iyon ay maaaring dumalo at tumanggap ng pagtuturo sa wikang Hapon.



Mga aktibidad ng Asosasyon ng mga Residente

Ang "Asosasyon ng mga Residente" ay ang pinakamalapit na lokal na administrasyon. Nagsasagawa ito ng maraming masayang even Sa pamamagitan ng pakikilahok at pagiging pamilyar sa mga residente, lumikha tayo ng relasyong maaaring makatulong sa bawat isa sa panahong kakailanganin natin ng tulong tulad ng sa oras ng kalamidad, atbp.



Tutor Program

Ang tutor ay mga boluntaryo na tutulong sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Sila ay gagamit ng wikang Hapon at wikang banyaga para suportahan ka sa mga bagay na hindi mo maunawaan sa pamumuhay sa Japan.



Fukuoka Support

Ang "Fukuoka Support" ay isang kombinyenteng portal site na nilikha ng Fukuoka City. Awtomatiko itong nagbibigay ng impormasyon na akma sa inyo at nagbibigay ng iba't ibang serbisyo.



Tungkol sa sakuna

Fukuoka City Disaster Information Center for International Residents

Itinatag ang Fukuoka City Disaster Information Center for International Residents sa "Fukuoka City International Foundation" kung sakaling magkaroon ng malaking sakuna. Makipag-ugnayan sa amin kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa impormasyon ng sakuna o paglikas.



092-262-1799



Pinakabagong impormasyon sa sakuna (Website ng Fukuoka City)

Malalaman sa page na ito ang mga pinakabagong impormasyon sa mga delikadong lugar at ligtas na evacuation shelter sa panahon ng malaking sakuna.



Gabay sa Pag-iwas ng Sakuna para sa mga Dayuhan

Ipinapaliwanag nito kung ano ang dapat gawin kapag may kalamidad sa Japan. Kasama sa mga kalamidad ang lindol, malakas na ulan, bagyo, pagguho ng lupa, sunog, atbp. Siguraduhing basahin ang handbook na ito at maging handa sakaling magkaroon ng kalamidad.



Tingnan ang detalye sa pamamagitan ng QR code.



Fukuoka City
Website Multilingual Portal

Alamin ang mga patakaran kapag magtatapon ng basura!

Kombinyente kapag isinulat ang mga araw ng pagtatapon ng basura.

Ipinapakita ang mga araw ng linggo ng pagtatapon ng basura sa bawat rehiyon.



Ipinapakita kung paano magtapon ng basura sa Fukuoka City.



Pagtatanong sa telepono gamit ang wikang banyaga

092-753-6113

Paunawa

Ang mga rechargeable battery at maliliit na rechargeable appliances ay hindi pwedeng ilagay sa garbage bag.

Halimbawa



Smartphone
Tablet



Mobile
battery



Wireless
earphone



Heated tobacco
Electronic cigarette



Robot vacuum
Cordless vacuum

Tingnan dito kung paano itapon ang mga ito nang tama.



©Electric shaver ©Electric toothbrush ©Handy fan ©Portable game console ...

Ang kompyuter, telebisyon, air conditioner, refrigerator, freezer, washing machine, at clothes dryer ay hindi maaaring itapon bilang di-nasusunog na basura o malalaking basura.

Nasusunog na basura

Tuwing [] at [] ng gabi



Basura sa kusina
(alisin ang tubig)



Produktong gawa sa
balat/leather
Maaaring pabayaan na lang
ang mga metal na mahirap tanggalin



Plastik



Produktong gawa sa
kahoy o bamboo



Papel



Tela




Goma



Ice pack



Disposable diaper



Di-nasusunog na basura

Gabi ng ika- [] na [] ng bawat buwan



Aluminum can at
steel can




Payong



Fluorescent na
tubo



Spray can at
gas canister
Hindi kailangan butasan
kung talagang wala nang laman



Produktong
gawa
sasalamín



Basag na bote
Ang mga hindi basag na bote
ay inilalagay sa
"Walang laman na bote at PET bottle"




Produktong gawa sa
metal



Maliliit na
appliance




Seramiko



Tuyong baterya
*Takpan lamang
ang mga dulo (electrodes)
ng tape.



Lupa
(para sa pag-gagarden)



Walang laman na bote at PET bottle

Gabi ng ika- [] na [] ng bawat buwan



Lalagyan ng inumin na
may markang PET



Walang laman na
bote ng pagkain o inumin



Itapon ang mga lalagyang may markang
plastik sa "nasusunog na basura".



Itapon ang mga basag na bote sa
"di-nasusunog na basura".



Malalaking basura

Ang malalaking basura ay mga malalaki at mabibigat na kasangkapan o appliance na hindiin maipasok sa isang itinalagang garbage bag.

Oversized Garbage Disposal Call Center

092-731-1153

Oras na bukas: Lunes - Biyernes
(pati sa public holiday) 9:00 am - 5:00 pm